

## Mga Protocol para sa mga Gym at Fitness Centers - Appendix M

### Mga Pagbabago Simula 3/12/21:

- Mga gym at mga fitness centers ay maaaring mag-operate sa loob at labas. Ang panloob na occupancy sa gym at mga pasilidad ng fitness ay limitado sa 10% ng maximum occupancy. Mga panlabas na operasyon sa gym and pasilidad ng fitness ay hinihikayat na mabuti. Mga pagbabago ay may highlight na dilaw.

Ang protocol na ito ay kokompletihin ng mga fitness facility. Ang mga pangangailangan sa ibaba ay naangkop sa lahat ng mga fitness facility. Dagdag pa sa mga kondisyon na ipinataw sa mga sektor ng fitness ng na maaring makita sa <https://covid19.ca.gov/industry-guidance/>, ang mga negosyo ay dapat din sumunod sa mga kondisyon na inihatag sa naturang Protocol para sa Gym at Fitness Facility. Itong protocol na ito ay dapat din na maimplementa at ipaskil sa gym o fitness facility bago magbukas.

Mga gym at fitness center ay maaring magkaroon ng operasyon sa labas at sa loob at sa labas. Panloob na occupancy sa gym at pasilidad ng fitness ay limitado sa 10% ng maximum occupancy. Panlabas na operasyon ng gym at pasilidad ng fitness ay hinihikayat. Mga pader ng akyatan o climbing walls ay maaaring magbukas muli.

Mga panlabas a operasyon ay maaaring maisagawa alinsunod sa California Department of Public Health guidance na tinatawag na “Use of Temporary Structures for Outdoor Business Operations” (Paggamit ng mga Temporaryong Estruktura para sa Panlabas na Operasyon ng Negosyo, namkikita dito sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Use-of-Temporary-Structures-for-Outdoor-Business-Operations.aspx>. Anumang permit na galing sa City na kinakailangang ang operasyon ay sa labas, kasama ang anumang permit na nangangailangan ng pagtayo ng tent, tolda o sun shelter o estruktura na gagamitin para sa operasyon sa labas, ay kailangan kunin bago magsimula ang operasyon.

Mga panlabas na pool ay maaaring manatiling bukas. Mga klase ng prebensyon ng paglunod, kasama ang mga leksyon ng panglangoy ng mga sertipikadong instructor, ay pinapayagan sa loob at sa labas. Lahat ng panloob at panlabas na spa, hot tubs, splash pads, saunas, mga steam room, maliban sa mga nasa single family na residensya, na mananatiling gamit lamang ng mga miyembro ng mga nakatira sa residensyang pang-isahang pamilya ay mananatiling sarado

Mga gyms at pasilidad ng fitness na may ibang mga aspeto ng operasyon at serbisyo ay mayroon sa ibang mga Protocol na tinagubiling ng Long Beach Safter-At-Home Order.

- Serbisyo ng pagkain, meryenda, o juice bars, at mga konsesyon (Restaurant Protocol - Appendix H)
- Gift shops and iba pang klase ng tindahan (Retail In-Person Shopping Protocol - - Appendix B)
- Pangangalaga ng bata (Protocol for Programs Providing Day Care for School-Aged Children - Appendix Z)
- Sports na amateur o hinid propesyonal (CDPH [Specific Interim Guidance for Collegiate Athletics](#))

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Sports para sa Kabataan at mga Adulto (Protocol for Youth and Adult Recreational Sports - Appendix W)
- Outdoor recreation (CDPH Campgrounds, RV Parks, and Outdoor Recreation guidance)
- Mga serbisyo ng kalinisan o Janitorial or Custodial (CDPH Limited Services guidance)
- Palaruan sa labas ([CDPH Outdoor Playground guidance](#))
- Pools (Public Swimming Pool Protocol - Appendix K)
- Mga serbisyo ng Spa (Personal Care Services Protocol - Appendix V)

Paki tala: Itong dokumentong ito ay maaring baguhin sa pagdating ng mga karagdagang impormasyon at mga resources kaya tiyakin na subaybayan ang Long Beach Covid-19 website sa [www.longbeach.gov/covid19](http://www.longbeach.gov/covid19) ng madalas para sa mga pagbabago sa dokumentong ito.

Sakop ng checklist na ito ang mga:

- (1) Patakaran at mga pagsasagawa para maprotektahan ang kalusugan ng mga empleyado
- (2) Mga hakbang nang masegurado ang physical distancing
- (3) Mga hakbang nang masegurado ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang nang masegurado ang pantay-pantay na akses sa mga serbisyong kritikal

**Lahat ng mga negosyo ay dapat maq-implemanta ng lahat ng angkop ng mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagpaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi na implementa ay hindi naaangkop.**

<b>Pangalan ng Negosyo:</b>	
<b>Direksyon ng Pasilidad:</b>	

**A. MGA PATAKARAN AT MGA PAGSASAGAWA SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG MGA EMPLEYADO (LAGYAN NG CHECK LAHAT NG ANGKOP):**

- Lahat ng maaring magtrabaho sa kanilang mga bahay ay inatasan na gawin na ito.
- Mga bulnerableng mga tauhan (yung mga may idad lampas 65 at may mga pabalikbalik na kondisyong pangkalusugan) ay inatasan na maaaring gawin ang trabaho sa bahay kung kailanman posible.
- Ang mg proseso ng pagtrabaho ay isinaayos ng mapadami ang oportunidad ng mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay. Bigyan ng konsiderasyon ang pag-alok sa mga trabahador, mga docents, interns at mga tauhang boluntaryo na humihiling ng mga binagong mga tungkulin nang mabawasan ang kanilang kontak sa mga kostomer at mga empleyado (hal. pangangasiwa ng imbentaryo kaysa sa magtrabaho bilang kahera o pangangasiwang administratibo sa pamamagitan ng telework).
- Mga salinsininan o mga hindi sabay sabay na iskedyul nang mapakinabangan ang physical distancing.
- Lahat ng empleyado (kasama na ang mga bayarang mga tauhan, docents, interns at mga boluntaryo; o kadalasang tinatawag na “mga empleyado”) ay nasabihan na huwag pumasok kung may sakit, o kung may nalapitang tao na may COVID-19. Naiintidihan ng mga empleyado na sundin

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O  
EMAIL: [CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV](mailto:CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV)**

ang Long Beach Health Office Order para sa self-isolation at quarantine, kung angkop. Mga patakaran ng pag-leave sa trabaho ay pinag-aralan at binago nang masegurado na ang mga empleyado ay hindi mapaparusahan kung sila ay mananatili sa bahay sa dahilan ng karamdaman.

O May mga impormasyon sa sa mga ini-ispensor ng employer o gobyerno na leave para sa mga empleyado na maaari mas madaling kumita habang sila ay nasa bahay. Tignan ang mga karagdagan impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa sick leave at worker's compensation para sa COVID19 at ang karapatan ng trabahador sa mga compensation benefits at sa pagbalik trabaho kaugnay sa COVID-19 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador.

- Kung kayo ay nasabihan na isa o mas madami pang empleyado ang nag positibo, o may sintomas na kaparehas ng COVID-19 (kaso), ang employer ay may plano o protocol na naisalugar na mag-isolate ang may kaso sa kanilang bahay at kinakailangan din ang agarang pag-quarantine ng lahat ng empleyado na nilapitan sa trabaho ng may kaso. Dapat bigyan ng konsiderasyon ng employer ang plano para sa lahat ng naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng akses o ma-test para sa COVID-19 nang ma-determina kung may mga iba pang nahawa sa trabahao, at maaaring mangailangan ng karagdagang hakbang ng pagkontrol ng COVID-19.
- Kung sakaling 3 o mahigit pang mga kaso ang napag-alaman sa trabaho sa loob ng 14 na araw ag employer ay dapat ireport ang kumpol na ito sa Long Beach Department Health and Human Services 562-570-INFO.
- Mga trabahador na palaging malapit ng anim na talampakan sa mga ka-trabaho o kostomer ay dapat magsuot ng pangalawang harang (face shield o goggles) dagdag pa sa mga takip sa mukha. Dapat bawasan ng empleyado ang paglapit na may anim na talampakan sa mga bisita
- Lahat ng empleyado ay nasabihan na huwag pumasok kapag may sakit at sundin ang patnubay ng Long Beach Health Office hinggil sa self-isolation, kung naangkop. Mga patakaran ng pag-leave sa trabaho ay pinag-aralan at binago na masegurado na ang mga empleyado ay hindi mapaparusahan kung sila ay mananatili sa bahay sa dahilan ng karamdaman.
- Pag-check ng sintomas ay gagawin bago pumasok sa lugar ng trabahuhan. Dapat kasama sa pag-check ang pagtanong kung may ubo, maikling paghinga o lagnat at iba pang sinotmas na maaaring dinaranas ng empleyado. Dapat din gawin ang pag-check ng temperature kung ito ay maggagawa.
- Lahat ng empleyado na may kontak sa publiko o iba pang mga empleyado sa oras ng kanilang trabaho ay bibigyan ng libreng pantakip sa mukha. Mga empleyado na may instruksyon mula sa kanilang manggagamot na di sila dapat magsuot ng takip sa mukha ay dapat magsuot ng face shield na may drape sa dulo, para maging alinsunod sa mga direktibo ng Estado, bata ang pinapayagan ng kanilang kondisyon. Mga maskara na may one-way valves ay di dapat gamitin.
- Mga empleyado ay inutusan na hugasan ang pantakip sa mukha araw-araw.
- Lahat ng workstation ay nakahiwalay na may pagitan na anim na talampakan.
- Mga break room, restroom at iba pang mga karaniwang lugar ay madalas na dinidisinfect sa sumusunod na iskedyul:
  - Break rooms \_\_\_\_\_
  - Restroom \_\_\_\_\_
  - Iba \_\_\_\_\_
- Hindi sabay sabay ang mga break nang maseguro ang pagpanatili ng anim na talampakan ng bawat empleyado sa nakatakdang break room o lugar sa lahat ng oras.
- Bawal ang mga empleyado na kumain kahit saan maliban sa mga takdang break room o lugar.
- Lahat ng empleyado ay tinuruan sa paggamit at sa pagkakaroon ng sapat na supply ng all-purpose cleaners at disinfectant, kung kinakailangan. Sundin ang kompletong mga patnubay ng CDC para sa paglinis at pagdisinfect. Sundin ang Cal/OSHA at mga

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

instruksyon ng manufacturer para sa ligtas na paggamit at mga kinakailangang protective equipment para sa mga produkto ng panglinis.

- May mga disinfectant at iba pang katulad na produkto para sa mga empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:
- May hand sanitizer na mabisa laban sa COVID-19 para sa lahat ng empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:
- Mga empleyado ay kinakailangan at binibigyan ng sapat na oras maghugas o magsanitize ng mga kamay sa pagdating sa trabaho, pagkatapos hawakan ang takip sa mukha, paggamit ng restroom, kung aalis ng trabaho at sa bawat 30 minutos o kung kailan lang kailangan kapag may gwantes.
- Ang kopya ng protokol na ito ay naipamigay at nabigyan ng pagasasanay ang bawat empleyado.
- Lahat ng mga patakaran sa checklist na ito maliban sa mga kaugnay sa mga terms ng employment ay ipinataw sa tauhan ng delivery at iba pang mga kompanya na nasa lugar ng trabaho bilang mga pangatlong partido.

## **B. MGA HAKBANG NA MASEGURADO ANG PHYSICAL DISTANCING**

- Ang bilang ng katao sa isang panloob na gym of pasilidad ng fitness ay sapat na mababa para masegurado anf physical distancing ng di baba sa 6 talampakan ngunit hindi hihigit sa 10% ng maximum occupancy ng isang panloob na gym o pasilidad ng fitness.

Maximum na bilang ng katao sa pasilidad ay limitado sa : \_\_\_\_\_

- Matinding hinihikayat na lahat ng operasyon ng gym at pasilidad ng fitness ay isagawa ang operasyon sa labas. Mga operasyon labas ay maaaring gawin sa ilalim ng isang tolda, o iba pang mga sun shelter basta ito ay may bukas na tagiliran para sa pagdaloy ng hangin. Ang occupancy ng panlabas na lugar ay limitado sa bilang ng mga tao na kayang makapag panitili ng physical distance sa lahat ng ors.
- Ipaalala sa mga patron ng maaga na magdala ng takip sa mukha, bigyan kung sila'y wala sa kanilang pagdating. Mga patron ay kailangan may suot na takip kapag papasok at lalabas ng pasilidad. Mga kostomer ay paalisin kung ayaw nilang magsuot ng takip sa mukha o ayaw mag-physical distancing.
- Kinakailangan magsuot ng pantakip sa mukha ang lahat ng mga patron sa lahat ng oras na sila ay na sa panlabas at panloob na lugar ng fitness o pasilidad maliban na lamang kung ang mga bisita ay lumalangoy sa isang panlabas na pool o naliligo.
  - Binabalaan ang mga patron na gawin ang mga exercise na makapagpapahintulot ng maginahawang paghinga habang nakasuot ng pantakip sa bibig at ilong. (Bawal ang mga pantakip sa mukha na may one-way valves.)
- Magbigay ng sapat na seguridad o mga tauhan na mag-iimplementa ng anumang kontrol ng mga tao at para mapanatili ang physical distancing.
- May tape at iba pang marka na nagtuturo kung saan ang simula para sa mga patron dumadating sa kanilang pag-workout na may pagitan na 6 talamapakan sa susunod na patron.
- Mga workstation ay pinaghiwahiwalay na may 6 talamapakan at ang mga karaniwang lugar ay inayos para malimita ang mga pagtitipon nang maseguro ang 6 talamapakan ng physical distancing.
- Mga bisita lamang na aktwal na na eehersisyo ang dapat nasa loob at/o panlabas na pasilidad. Mga bisita na naghihintay ng kanilang reserbasyon ay maghintay dapat sa kanilang mga sasakyan.
- Binago ang mga klaseng pang grupo tulad ng aerobics, yoga at sayaw nang malimita ang bilang at maseguro ang anim na talampakan na minimum na distansya sa bawat patron. Physical distancing lamang ay di sapat para mapaiwasan ang transmisyong COVID-19 at physical distance na mahigit sa anim na talamapakan y nirerekomeda para sa mapwersang mga aktibidad.
  - Gawin sa labas ang klase o sa mas malaking lugar tulad ng basketball court, kung posible.

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

Mga klase ay dapat ialok lamang kung ang distancing ay maaring mapanatili at walang kontak na malapitan ng mga tao.

- Para sa klaseng high aerobic, tulad ng aerobics, spin o mga makinang pangkondisyon tulad ng elliptical, tread o hagdanang makina, bigyan ng konsiderasyon ang pag lagay ng equipment na may pagitan na 8 talampakan imbes na 6.
- Mga programang may high contact na nangangailangan gawin sa malapitan na di kukulang sa anim na talampakan ay kailangan munang isuspende. Kasama dito ang mga aktitbidad tulad ng mga pang grupong isports, mga palaro, basketball at mga organisadong takbuhan.
- Mga klaseng isinasagawa na may temperature na mahigit 100 grado ay hindi hinihikayat.
- Mga personal trainer ay pinapayagan kung sila ay magpanatili ng anim na talampakan mula sa kliente at masuot ng takip sa mukha. Dapat may suot na takip sa mukha ang mga patron na tumatanggap ng instruksyon at kailagan mag-ingat na gawin lamang ang mga exercises na pwede silang huminga ng komportable habang may takip ang ilong at bibig.
- Mga equipment ay minamarkahan ng maseguro na ang mga kliyente ay nagpapanatili ng anim na talampakan na distansya mula sa iba. Mga tape at iba pang marka ay makakatulong sa kostomer magpanatili ng anim na talampakan mula sa iba sa linya. Ang isang marka ay nagtutukoy bilang simula para sa mga kostomer na dadating at anim na talampakan na pagitan sa mga kostomer na padating pa lamang.
- Gumamit ng one-way na daanan sa buong pasilidad na may mga senyas na nakapaskil.
- Tanggalin lahat ng mga communal na mga muebles o lagyan ng kordon ang paligid ng mga pahingahan.
- Paghiwalayin ang mga locker ng mapanatili ang physical distancing.
- Ihiwalay ang mga equipment at makina na may di kukulang sa anim na talampakan ng makamit ang physical distancing.
- Mga empleyado ay inatasan na magpanatili ng di kukulang sa anim (6) na talampakan na distansya mula sa kostomer sa lahat ng lugar ng gym. Maaaring lumapit ng panandalian ang mga empleyado sa kostomer kung kinailangan para tumanggap ng bayad, magdeliver or para magserbisyo o kung anuman ang kailangan.
- Mga restroom na nasa loob ng pasilidad ay maaaring buksan sa limitadong kapasidad para sa mga kostomer.
- Mga showers at locker rooms ay mananatiling sarado.
- Mga senyas at mga marka sa sahig ay gagamitin nga masegurado ang wastong physical distancing habang na sa restroom ang mga kostomer.
- Signs and floor markings should be used to ensure proper physical distancing is maintained while customers are in the restroom.
- Mga restroom na ginagamit ng lahat ay dapat linisin ng madalas sa buong araw gamit ang EPA-registered na disinfectant. Mga ibabaw na madalas hinihipo tulad ng gripo, toilet, doorknob at mga switch ng ilaw ay dapat linisin at I disinfect ng madalas
- Lumikha ng iskedyul ng paglinis at ipaskil ito sa mga restroom. Ipaskil ang iskedyul ng paglinis sa harap ng pinto nang malaman ng mga kostomer kung kailang pwede at hindi pwedeng gamitin ang restroom. Seguraduhing sarado ang restroom kapag nililinis at dinidisinfect.
- Tignan ang paggamit ng checklist o sistema ng pag-audit kung gaano kadalas ang paglilinis.
- Seguraduhin ang ang mga sanitary facilities ay parating gumagana at palaging may laman. Maglagay ng marami pang sabon, paper towels at hand sanitizer kung kinakailangan. Maglagay ng mga hands-free device kun posible, pati na rin mga motions sensor na lababo, soap dispenser, sanitizer dispenser at mga paper towel dispenser.

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Tignan kung maaaring baguhin ag mga multi-stall na mga restroom para mabuksan at isara ng di hinahawakan ang handle, gamit ang mga pambukas na device, o powered door operators na may kamay, kung posible. Kung ang pinto ay di maaaring buksan na hindi hinahawakan ang handle o ang door operator na may kamay, maglagay ng basurahan sa may pinto para masegurado na madaling maitpon ang paper towel kapag binuksan ang pinto. Ang lokasyon at pwesto ng basurahan ay did dapat sagabal sa daanan at paglikas, emergency equipment, o iba pang makatwirang akomodasyon na inilalaan ng Amerian with Disabilities Act.
- Seguraduhin na ang mga basurahan ay palaging nililinis.
- Magbigay ng impormasyon sa tamang paghugas ng kamay, magpaskil ng senyas sa mga restroom.
- Pag-isipin kung maaaring isuspende ang mga hindi importanteng mga actibidad tulad ng tindahan, childcare, at serbisyo ng pagkain. Kung ang pasilidad ng fitness ay nag-ooperate ng ganitong serbisyo, kailangan pag-aralan at sundin ang mga protocol ng county public health.
- Laygan ng mga plexiglass o ia pang mga harang ang front desk, kung maaari, para mabawasan ang interaksyon ng mga empleyado sa resepsyon at mga bisita. Gumamit ng mga birtwal o mga walang hawakan na mga tools, kung posible, nang ang mga kostomer ay di na gamitin ang respson.
- Pag-isipin ang pagpasatupad ng mga tadang oras para sa mga taong mga sakitin at mga nasa mataas na panganib, kasama ang mga senior at gawing pang reserbasyon lamang.

### C. MGA HAKBANG NG MASEGURADO ANG KONTROL NG IMPEKSYON

- Ang HVAC system ay nasa mabuting kondisyon; na sa pinakamalakas na kakayahan, dinagdagan ang bentilasyon at ang intake at return ay nililinis araw-araw. Pag isipan ang paglagay ng mga portabla at malakas na mga air cleaners, pahusayin ang mga air filters sa kanilang pinakamalakas na kakayahan at gumawa ng mga pagbabago para madagdagan ang hangin ventilasyon sa mga opisina at iba pang lugar.
- Seguraduhin na may sapat na tauhan ng malinis ang pasilidad ng maayos.
- Pag-checkin na walang kontak ay iniligay, kung hindi posible, regular na linisin ang mga lugar ng check-in. Isalarawan: \_\_\_\_\_
- Gumawa ng detalyadong iskedyul at iadjust o baguhin ang oras ng operasyon nang makapagbigay ng sapat na oras para sa regular at masusing paglilinis at pagdisinfect sa buong araw.
- Magsagawa ng masusing paglilinis sa mga lugar na parating may tao tulad ng reception at lobby, mga silid palitan, hagdanan, escalator, hawakan at pindutan ng elevator.
- Palaging idisinfect ang mga lugar na parating hinahawakan tulad ng mga makina ng exercise, equipment, vending machine, at mga hugasan ng kamay sa lahat ng oras ng negosyo gamit ang disinfectant laban sa COVID-19 na aprobado ng EPA.
- Maglagay ng hand sanitizer at mga wipes sa mga pasukan at labasan ng mga equipment at makinang pang exercise, fitness room, palitan, locker. Maglagay ng mga basurahang touchless.
- Atasan ang mga patron na idisininfect ang mga equipment bago gamitin at pagkatapos.
- Maglagay ng “ready to clean” na tag sa mga equipment para sa mga patron na ayaw o di kayang mag disinfect ng equipment. Seguraduhin na idisinfect ng tauhan ang mga equipment bago gamitin muli.
- Mga pang grupong klase ay isagawa na may physical distancing kung posible. Tignan ang mga hakbang ng pagsagawa ng Physical Distancing sa itaas.
- Mga programang may high contact na nangangailangan ng malapitang paglapit na menos sa anim na talampakan ay kailangan munang isuspende. Kasama dito ang mga aktitbidad tulad ng mga

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**



pang grupong isports, mga palaro, basketball at mga organisadong takbuhan.

- Hikayatin ang mga patron na magdala ng sarili nilang twalya at mat.
- Kung posible, maglagay ng mga hands-free na device tulad ng dispenser ng sabon at twalya.
- Regular na dinidisinfect ang mga restroom ng kostomer.
- Mga amenities tulad ng mga magazine, libro, kuhaan ng tubig (maliban na lang kung touchless) at iba pang mga gamit para sa mga kosotmer, ay kailangan tanggalin sa reception at iba pang lugar ng fitness facility.
- Mga fitness facility na may pool ay kailangan kumumpleto at sumunod sa mga protocol para sa Public Swimming Pools (Appendix K)
- Spa, sauna at mga steam room ay mananatiling sarado.
- Mga panloob na palaruan ay mananatiling sarado.
- Kung saan man posible, maglagay ng mga touchless, automatic na water dispenser para sa paggamit ng mga reusable na bote ng tubig, o mga pangisahang gamit at disposable na mga baso. Ipaskil ang karatula na nagpapaalala sa tauhan at patron na ang mga bote at baso ay di dapat mahipo ang water dispenser.
  - Kung hindi pwede ang touchless na water dispenser, ipaaalala sa mga tauhan at patron na maghugas ng kamay o gumamamit ng angkop na hand sanitizer bago hawakan at pagkatapos gamitin ang pindutan sa mga drinking fountain.

#### **D. MGA HAKBANG PARA SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO**

- Nakapaskil ang kopya ng protocol na ito sa lahat ng pasukan ng pasilidad.
- Karatula sa pasukan at kung saan man nakapila ang mga kostomer ay papaalam kung ilan ang kasya, mga kailangan para mapanatili ang social distancing at ang paggamit ng takip sa mukha ay kailangan para makapasok.
- Kailangang gumawa ng mga fitness facilities ng mga makatwirang hakbang, kasama na ang pagpaskil ng mga karatula sa lahat ng pasukan at mga importante at madaling makitang mga lokasyon, para paalalahanan ang mga empleyado at publiko na sila ay dapat magsagawa ng physical distancing at ang paggamit ng takip sa mukha ay masugid na nirerekomenda.
- Mga outlet sa online (website, social media, atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa oras, pangangailangan ng takip sa mukha, limitadong kapasidad, patakaran hinggil sa pag pre-booking, prepayment iba pang mga importanteng mga isyu.

#### **E. MGA HAKBANG NGA MASEGURADO ANG AKSESO SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO**

- Mga kritikal na serbisyo sa mga kostomer/kliyente ay binigyan ng prioridad.
- Mga transaksyon at serbisyo na maaaring gawin sa malayuan ay nailagay na online.
- Mga hakbang ay itinaguyod para masegurado ang akses sa mga serbisyo para sa mga kostomer na may limitasyon sa paggalaw at/o ang mga nasa lugar na mataas ang panganib.
- Pag-isipang ang pag-implementa ng oras para sa mga populasyon na nasa mataas na panganib o bulnerable sa sakit, kasama ang mga seniors na makakapasok sa pamamagitan ng reserbasyon lamang.

**F. MGA HAKBANG SA NANG MASEGURADO ANG KALIGTASAN AT KARAGDAGANG RESOURCES.**

- California Department of Public Health at Cal/OSHA patnubay ng [Fitness Facilities Guidance](#)
- Centers for Disease Control Public Pools, Hot Tubs, at Water Playgrounds (Palaruang may Tubig) habang may COVID-19

**Mga karagdagang hakbang na di kasama sa itaas ay dapat ilita sa hiwalay na pahina, na ilalakis ng negosyo sa dokumentong ito.**

**Maaari niyong kontak in ang sumusunod na tao kung may tanong o komento hinggil sa protocol na ito:**

**Pangalan ng Kontak  
Sa Negosyo:** \_\_\_\_\_

**Telepono:** \_\_\_\_\_

**Petsa ng  
Huling  
Pagbago:** \_\_\_\_\_